

Mga Istratehiya sa Pangunguna sa Pag-iwas sa Pagkatumba

Gamitin ang talaan ng payo na ito para humanap ng mga pamamaraan sa pangangasiwa na maaaring makatulong sa pagpapababa ng bilang ng mga nangyayaring pagkatumba sa mga indibidwal na sinusuportahan ng inyong organisasyon.

Matuto nang Higit hangga't Maaari Tungkol sa Kung Paanong Nangyayari ang mga Pagkatumba

1. May mga panahon ba sa araw kung kailan mas malamang na mangyari ang mga pagkatumba - hal., sa bandang dulo ng maghapon o sa pagtatapos ng mga shift ng mga DSP?
2. May mga lugar ba sa tahanan ng taong iyon, sa day program, o sa lugar ng trabaho kung saan mas malamang na mangyari ang mga pagkatumba— hal., sa hagdan, sa gilid ng bangketa?
3. Anong mga gawain ang tila ba mas malamang nauugnay sa mga pagkatumba?
4. Anong pisikal na katangian ang dahilan kaya mas malamang na matumba ang isang tao?
5. Anong mga katangian ng bawat pasilidad ang dahilan kaya mas malamang o hindi malamang mangyari ang pagkatumba?

Sa oras na matukoy mo na ang pangunahing mga katangian ng mga pagkatumba ng mga taong sinusuportahan mo, narito ang ilang halibawa ng mga pamamaraang maaaring makatulong sa iyo sa pagbuo ng Plano ng Pag-iwas sa Pagkatumba para sa mga indibidwal na mataas ang panganib na matumba.

Ilan sa mga Halimbawa ng mga Pamamaraan sa Pangunguna sa Pag-iwas sa Pagkatumba

- 1. Ang pakikitungo sa kawani bilang mga propesyonal ay katumbas ng mga:**
 - Tanggapin ang mga ideya ng kawani tungkol sa kung paano mas maiwasan ang mga pagkatumba ng mga indibidwal na sinisilbihan nila.
- 2. Kilalanin ang iyong kawani:**
 - Anong mga nakakapagpabalisa ang kinakaharap nila sa kanilang buhay?
 - Mukha ba silang pagod sa trabaho?
 - Ano ang puwede mong gawin para mas mapagaan ang kanilang buhay-trabaho?

3. Iwasan ang pamamaraang top-down para maiwasan ang mga pagkatumba:

- Ang pagsasagawa ng pamamaraang top-down ay maaaring hindi ang dahilan ng mga nararanasan ng kawani na tuwirang tumatrabaho sa mga indibidwal na may mataas na panganib sa pagkatumba.

4. Huwag mamahala pangunahin na sa pamamagitan ng pagsasanay at muling pagsasanay:

- Kapag nangyari ang malubhang sitwasyon, maaaring magpahiwatig sila ng pagbabago sa organisasyon sa halip na magtuon tangi lamang sa pagpapahusay ng kasanayan ng DSP.
- Ang pag-uulit ng pagsasanay ng mga DSP sa mga pamamaraan ay malamang na hindi magandang resulta ayon sa inaasahan kung ang ugat ng malulubhang sitwasyon ay hindi natutugunan.
- Tumigil sandali at tanungin ang sarili kung ang mga pamamaraan mo ba sa pamamahala ng kawani ay may pagkakaiba pagdating sa kalidad ng mga serbisyong ibinibigay mo sa mga taong sinusupportahan mo.

Ang paggawa ng mga plano ng pag-iwas sa pagkatumba kasama ng iyong mga DSP ay makakaiwas at makakabawas ng mga pagkatumba ng mga indibidwal na sinusupportahan mo.